Mga Minamahal na Stakeholder ng System sa Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan at Partner sa Komunidad,

Malugod na iniimbitahan ng San Francisco Department of Homelessness & Supportive Housing (HSH) at Local Homeless Coordinating Board (LHCB) ang mga partner sa komunidad, kasama ang mga taong may aktwal na karanasan sa kawalan ng tirahan, mga tagabigay ng serbisyo, at mahahalagang departamento ng Lungsod, para maglingkod sa bago at collaborative na **Coordinated Entry (CE) Redesign Implementation Committee.** Ipagpapatuloy ng committee ang ginawa ng Coordinated Entry Redesign Workgroup, na gumawa ng mga rekomendasyon para sa pagpapahusay ng Coordinated Entry System ng San Francisco.

**Background**

Noong 2022, pinasimulan ng HSH ang unang dalawang yugto ng pagpapahusay ng Coordinated Entry. Pangunahing layunin ng prosesong ito na magpatupad ng mas mga makatarungang proseso ng CE at dagdagan pa ang access sa pabahay at mga serbisyo sa mga taong dati nang hindi nabibigyan ng pansin at lubhang apektado ng kawalan ng tirahan sa San Francisco. Makikita rito ang higit pang impormasyon tungkol sa unang dalawang yugto.

Yugto 1: Pagsusuri ng Coordinated Entry

Kinuha ng HSH ang serbisyo ng isang 3rd party para suriin ang CE na kumolekta sa mga opinyon ng komunidad at data tungkol sa kasalukuyang sistema. Inilabas ng HSH ang mga resulta ng pagsusuri sa Ulat ng Pagsusuri ng Coordinated Entry noong Hulyo 2022 at nagsagawa ng 3 pampublikong pagpupulong para kumolekta ng feedback tungkol sa mga resulta at paraan para mapahusay ang CE.

Yugto 2: Pagpapahusay ng Coordinated Entry

Sa pasimula ng Setyembre 2022, inanunsyo ng LHCB at HSH ang "Imbitasyong Mag-apply" para sa isang workgroup na bago, boluntaryo, at binubuo ng iba't ibang stakeholder na magtutulungan para bumuo ng mga rekomendasyon sa pagpapahusay ng mahahalagang bahagi ng CE. Binibigyang priyoridad ng workgroup na ito, na tinatawag na CE Redesign Workgroup, ang pagiging kabahagi ng mga taong kumakatawan sa mga grupong pinakaapektado ng kawalan ng tirahan sa San Francisco. Nagpulong ang Coordinated Entry Redesign Workgroup kada linggo mula Oktubre 2022 hanggang Enero 2023. Inaprubahan ng LHCB ang mga pinal na rekomendasyon noong Abril 3, 2023.

**Pangkalahatang-Ideya tungkol sa Committee**

Ang committee sa pagpapatupad ay isang pangkat na pamumunuan ng komunidad at makikipagtulungan sa HSH at LHCB. Pagpapasyahan ang bilang ng mga miyembro ng committee, at ang estruktura at mga tungkulin ng committee kapag natanggap na ang mga aplikasyon. Gagawing available sa publiko ang pinal na estruktura ng committee at ilalahad sa LHCB. Maglilingkod ang mga miyembro ng committee nang tuloy-tuloy at susunod sa mga rekomendasyon mula sa CE Redesign Worksgroup, kabilang ang:

- Magsisilbing mahalagang partner sa pagpapatupad ng mga rekomendasyon ng redesign workgroup, kasama ang pagbabago ng mga tanong sa pagsusuri ng CE at pamantayan sa pagbibigay priyoridad at pag-apruba sa Client Bill of Rights
- Bumuo ng charter para sa committee, kung saan ilalahad kung ano ang mga kondisyon at panahon ng pagtatapos, sino ang magtatalaga sa mga tao, at kung ano ang mga demographics at heograpikong lugar na kailangang magkaroon ng kinatawan

Bubuuin ang mga inaasahan mula sa committee sa pakikipagtulungan ng committee, LHCB, at HSH. Gayunpaman, puwedeng asahan ng mga miyembro na magkakaroon ng pagpupulong isang beses kada buwan (at posibleng magpulong kada dalawang linggo sa unang 3 buwan) sa loob ng tinatayang 2 oras at maglalaan ng tinatayang 4–6 na oras kada buwan para sa committee. Maglilingkod ang mga miyembro ng committee nang tuloy-tuloy sa loob ng tinatayang 1-2 taon. Puwedeng magpasya ang committee kung gagawin ang mga pagpupulong nang remote o nang personal. Umaasa ang HSH at LHCB na mapunan ang committee na ito sa Hunyo 2023.

**Pagiging Miyembro ng Committee**

Ipagpapatuloy ng HSH at LHCB ang pagbibigay priyoridad sa pagiging kabahagi ng mga taong direktang apektado ng kawalan ng tirahan at siyang pinakamalapit sa Coordinated Entry system at humihiling na magtaguyod ng committee na kakatawan sa mga taong pinakaapektado, kasama na ang mga Black, Latinx/e, at LGBTQ+. Bubuuin ang committee ng mga stakeholder ng komunidad at mga taong may aktwal na karanasan sa kawalan ng tirahan na pinili ng mga pinuno ng committee ng LHCB Coordinated Entry sa San Francisco nang may tulong mula sa HSH at iba pang departamento ng Lungsod. Pinapahalagahan ng HSH ang mga karanasan ng mga tao na may aktwal na karanasan sa kawalan ng tirahan, at naghahanap ang HSH at LHCB ng mga kinatawan mula sa mga taong makapagbibigay ng ganitong kaalaman sa working group.

Tutulungan ang working group ng mga ekspertong consultant mula sa Corporation for Supportive Housing at C4 Innovations para ipatupad ang mga rekomendasyon at pahusayin ang kinabukasan ng Coordinated Entry sa San Francisco.

Naghahanap ang HSH at LHCB ng mga miyembro ng committee na may mga sumusunod na karanasan at kaalaman:

1. Mga taong may kasalukuyan o nakaraang karanasan sa kawalan ng tirahan at/o personal na gumamit ng sistema ng Coordinated Entry ng San Francisco o nakaranas ng mga problema sa CE
2. Coordinated Entry para sa Pamilya o pagbibigay ng mga serbisyo sa mga pamilya
3. Coordinated Entry para sa Nasa Hustong Gulang o pagbibigay ng mga serbisyo sa mga nasa hustong gulang
4. Coordinated Entry para sa Kabataan o pagbibigay ng mga serbisyo sa kabataan
5. Working Group para sa Ligtas na Pabahay / Karahasan sa Tahanan o pagbibigay ng mga serbisyo sa mga taong naging biktima ng karahasan
6. Mga taong may kasalukuyan o nakaraang karanasan sa criminal justice system o pagbibigay ng mga serbisyo sa mga taong may karanasan sa criminal justice system

**Paano Magpahayag ng Interes:** Kung mayroon kang karanasan at kaalaman na hinahanap ng HSH at LHCB, at interesado kang lumahok, pakikumpleto ang application form na ito o magmungkahi ng iba sa pamamagitan ng pagkumpleto ng form na ito nang may pahintulot nila hanggang Hunyo 2, 2023. Kung

hindi ninyo makumpleto ang form para sa online na pagsusumite, gustong makipag-usap sa isang tao, o kailangan ng mga serbisyo para sa pagsasalin, puwede kayong tumawag sa (415) 757-8860 o mag-email sa hshcoordinatedentryredesign@sfgov.org. Pagkatapos ninyong isumite ang inyong aplikasyon, posible kayong maimbitahan na makipagpulong sa LHCB at HSH para higit pang talakayin ang tungkol sa committee at mga inaasahan sa paglahok dito.

**Mga Insentibo sa Paglahok**: Ang mga taong may aktwal na karanasan at iba pang miyembro na hindi babayaran ng kanilang employer para sa oras na ginugol nila sa committee sa oras ng kanilang trabaho ay babayaran para sa pakikilahok sa mga aktibidad ng committee. Magiging available ang tulong para maunawaan ang mga pagbabayad at kung paano ito makakaapekto sa anumang buwis at benepisyo ng publiko.

Kung mayroon kayong anumang tanong tungkol sa committee na ito o proseso ng Redesign ng Coordinated Entry, huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa (415) 757-8860 o sa hshcoordinatedentryredesign@sfgov.org.

Salamat sa inyong interes!

San Francisco Department of Homelessness & Supportive Housing
at
San Francisco Local Homeless Coordinating Board